
3

# Arts

## Ikaapat na Markahan-Modyul 1: Istayl ng Pagpapapet



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music-Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan-Modyul 1: Istayl ng Pagpapapet**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Winston Mark C. Coquilla
**Editor:** Lynneth B. Baptista, Armando O. Aguilon Jr.
**Tagasuri:** Aidena L. Nuesca , Iris Kristine A. Mejos, Alemer O. Veloso
**Tagaguhit:** Milky D. Amorato
**Tagalapat:** Alona L. Ambasan, Ken Harvey C. Famor
**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Reynante A. Solitario, Janette G. Veloso, Janwario E. Yamota, Analiza C. Almazan, Djhoane C. Aguilar, Ma. Cielo D. Estrada, Maria Perpetua Angelita G. Suelto, Jeselyn B. dela Cuesta, Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education-Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Arts

## Ikaapat na Markahan-Modyul 1:
## Istayl ng Pagpapapet

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Istayl ng Pagpapapet**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Istayl ng Pagpapapet**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| **Alamin** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| **Subukin** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| **Balikan** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| **Tuklasin** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| Suriin | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| Pagyamanin | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| Isaisip | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| Isagawa | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| Tayahin | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

**Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

**Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

**Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Magandang araw sa iyo! Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat para ikaw ay matuto ng ibat-ibang istayl ng paggawa ng papet. Ito ay upang makatulong sa iyong pag-aaral ng sining.

Nakapaloob sa modyul na ito ang istayl ng paggawa ng papet sa Pilipinas. Ang ibat-ibang kagamitan na ginamit at paraan ng paggawa nito. Sa paglipas ng panahon, naipapahayag ang pagkamalikhain natin bilang isang Pilipino maging sa pagpapahalaga sa ating kinagisnang kultura. Ngayon ay iyong malalaman ang mga istayl ng papet na maaaring maihahalintulad sa mga natatanging papet na makikita sa ibang bansa. Iyong matutuhan ang mga natatanging likha maging ang mga istayl nito na nakaukit sa ating kasaysayan.

Ang pagpapapet o **puppetry** ay ang ng sining ng pagpapagalaw ng papet o puppet. Ang papet o puppet naman ay ang isang naitataas na modelo o likha na kawangis ng isang tao, hayop o bagay na ginagamit sa entertainment o kasiyahan at karaniwang inililipat sa pamamagitan ng mga string o tali na kontrolado mula sa itaas o ng isang kamay.



Papet - kamay
(Hand puppet)



Liping Papet
(Rod Puppet)

## *Subukin*

Ngayon ating subukan ang iyong kaalaman. Piliin mo ang pinakawastong sagot sa bawat pahayag. Isulat ang napiling sagot sa sagutang papel.

1. Ang paggawa ng iba't ibang papet para sa isang palabas na kasiyahan o pang-edukasyon na layunin.
   a. Papetre o puppetry
   b. Likhang-Sining
   c. Papet-kamay o Hand-puppet
   d. Likha-manika

2. Mga papet na yari sa **foam** at tela. Ang kamay ng puppeteer o nagpapapet ay nakapasok sa leeg na may hawak na flap o hawakan para buksan ang bibig ng papet.
   a. Liping Papet o **Rod puppet**
   b. Papet Kamay o **Hand puppet**
   c. Papet Tungkod o **Stick puppet**
   d. Papet Tali o **String puppet**

3. Ang mga papet ay minamanipula sa pamamagitan ng isang patpat. Ang mga gumagalaw ay ang mga ulo, braso at paa.
   a. Liping Papet o Rod puppet
   b. Papet Kamay o Hand puppet
   c. Papet Tungkod o Stick puppet
   d. Papet Tali o String puppet


4. Katulad nito ang tinatawag na "Carillo" ni Dr. Jose Rizal.
   a. Liping Papet o Rod puppet
   b. Papet Kamay o Hand puppet
   c. Papet Tungkod o Stick puppet
   d. Papet Anino o Shadow puppet


Aralin 1

# Istayl ng Pagpapapet

## Balikan

Ang Papetre o puppetry sa Pilipinas ay nagsimula mula sa panahon ni Dr. Jose Rizal, ang ating pambansang bayani, sa taong 1898. Siya ay nagsadula ng; "Carillo" o Shadow Puppetry. Gumamit si Rizal ng isang karton at patpat at inilagay niya ito sa likod ng isang puting tela.





Sa bayan ng Angono, ang mga higanteng papet ay tanyag at kilala. Ang mga ito ay gawa sa papel palate at kawayan. Ginagamit nila ang mga ito sa pagdiriwang ng mga pista ng St. Clementine.




Bukod sa mga tradisyonal na pagpapetre, may mga grupo ng papetreng nabuo simula noong 1972 hanggang sa kasalukuyan. Ilan sa mga grupong ito ay ang Teatro Mulat at Teatro Anino. Ang mga ito ang naging inspirasyon ng mga iba 't ibang sining ng papetre sa ating bansa at sa mga programang mapapanood sa pelikula at telebisyon.

## Tuklasin

Ngayon alam mo na ang ibat-ibang istayl ng papetre, sa yugtong ito gagawa ka ng isang **finger-puppet**.

Gawin mo ang sumusunod upang makagawa ka na iyong sariling papet.

1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan: Malapad na karton, mga lumang damit, pandikit, gunting, krayola at iba pang kagamitan pang-sining.

2. Pumili ng napakinggan kuwentong-bayan o alamat na iyong nabasa o napakinggan.

3. Mag-isip ng mga karakter tulad ng tao, hayop, o tanim at iguhit ang mga ito sa malapad na karton.

4. Gamitin ang itim na krayola sa pagguhit ng mata, ilong at maging ang buhok at hugis nito upang maging detalyado ang hugis ng mukha nito.

5. Gupitin at bihisan ang mga ito gamit ang lumang damit na iyong inihanda.

*PAALALA*
*Mag- ingat sa pag-gamit ng matutulis na bagay tulad ng gunting.*



Gumawa ng matibay na karton bilang entablado. Idikit ang mga ito na kasya sa iyong mga daliri upang maging finger-puppet. Ipakita sa guro ang palabas tungkol sa napiling kwento gamit ang ang iyong ginawang papet sa entablado.

Panuto: Lagyan mo ng tsek **(/)** ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. Oo kung iyong ginawa at Hindi kung di mo naman naisagawa ang nasabing gawain.

| Mga Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nasunod nang maayos ang mga panuto. | | |
| 2. Nagawa nang mahusay ang nasabing sining. | | |
| 3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan. | | |
| 4. Natapos nang maaga ang nagawang sining. | | |
| 5. Napahalagahan mo ang nagawang sining at naipakita sa buong pamilya sa bahay. | | |
| 6. Nasiyahan sa nagawang sining na nagpapaunlad ng tiwala sa sarili. | | |
| 7. Naipamalas nang mabuti ang pagkamalikhain. | | |
| 8. Naipakita ang sariling kakayahan sa pagbuo ng sining. | | |
| 9. Naipakita sa iyong guro ang nagawng sining. | | |
| 10. Nabigyan ng marka ang nagawang sining. | | |

## Suriin

**Mga Uri o Istayl ng Papetre na matatagpuan sa Pilipinas.**


Ngayon ay matutuklasan mo ang ibat-ibang papet sa Pilipinas na karaniwang ipinapakita tuwing may teyatro o maging mahahalagang okasyon o araw sa isang lugar.

Ang sumusunod na larawan ay ilan lamang sa mga halimbawa ng papetre sa Pilipinas na natatangi sa kani-kanilang mga hugis, anyo, porma at paraan ng pagpapalabas.




**Papet-Kamay o Hand puppet**

Ito ay ang mga puppet na yari sa foam at tela. Ang kamay ng puppeteer ay ipinapasok sa leeg ng papet. Hawakan ang flap o matigas na hawakan para buksan ang bunganga o bibig ng papet.




**Liping Papet o Rod Puppet**

Ito ay papet na katulad sa Japan na tinatawag na "Bunraku". Ang mga puppet ay pinapagalaw sa pamamagitan ng isang lipi o patpat. Ang gumagalaw dito ay ang ulo, braso at paa




Papet-Tungkod o Stick Puppet

Ito ay isang pambata na puppet na gawa sa karton at sticks o patpat. Ang paglalaro nito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng mga sticks o tungkod.




Papet - Anino o Shadow Puppetry

Ang mga papet na ito ay gawa sa balat ng mga hayop at patpat. Ang papet ay pinapagalaw mula sa likod ng puting tela na may liwanag.



Teatro-Itim o Black Theater

Mga puppet na gawa sa foam, lubid, tela, pekeng balahibo, piluka at palaman. Ang buong katawan ay gumagalaw. Mula sa likod pinagagalaw ng Puppeteers ang mga papet sa pamamagitan ng ilaw.



## Papet-Tali o String Puppets

Mga papet na gawa sa kahoy, goma, bakal, payberglas o iba't ibang materyal. Pinapagalaw ito sa pamamagitan ng mga string o tali. May mga string puppet na gawa sa sinulid na nagmula sa hilagang bahagi ng Pilipinas.




## Papet-Daliri o Finger Puppet

Ito ay mga papet na gawa sa makapal na karton o papel at tela na idinidikit o isinusuot na kasya sa daliri.


# Pagyamanin

Ngayon, suriin mo nang mabuti ang sumusunod na larawan. Piliin mo ang sagot sa loob ng kahon. Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel.


| | | |
|---|---|---|
| Papet- Tali | Teatro- Itim | Papet- Anino |
| Papet- Tungkod | Liping-Papet | Papet- Kamay |

1. 

______________________

2. 


______________________

3. 


______________________

4. 

______________________

5. 

______________________

6. 


______________________

# Isaisip

Isaisip ang mga sumusunod na istayl ng papet na tatak-pinoy na sumisimbolo ng ating kulturang Pilipino.

1. Ang papet o puppet ay ang isang naitataas na modelo o likha na kawangis ng isang tao, hayop o bagay na ginagamit sa entertainment o kasiyahan at karaniwang pinapagalaw sa pamamagitan ng mga string o tali o ibang kasangkapan na kontrolado mula sa itaas o kamay.
2. Papet-Kamay o Hand puppet ay mga papet na yari sa foam at tela. Ang kamay ng puppeteer o tagapagpagalaw ay nakapasok sa leeg na may hawak na flap para buksan ang papet sa bibig.
3. Liping Papet o Rod Puppet ay papet na katulad sa Japan na tinatawag na "Bunraku". Ang mga puppet ay pinapagalaw sa pamamagitan ng isang lipi o patpat. Ang mga gumagalaw lamang ay ang ulo, braso at paa.
4. Papet-Tungkod o Stick Puppet ay isang pambatang puppet na gawa sa karton at sticks. Ang pagpapapagalaw ay sa pamamagitan ng pagkilos ng mga sticks o tungkod gamit ang kamay.
5. Papet - Anino o Shadow Puppetry ay ang mga puppet ay gawa sa balat ng mga hayop at patpat. Ang Puppeteer ay gumaganap mula sa likod ng isang puting tela na may liwanag sa likod ng mga puppet.
6. Teatro-Itim o Black Theater ay mga papet na ginawa ng foam, lubid, tela, pekeng balahibo, peluka at palaman. Ang buong katawan ay minamanipula. Puppeteers isagawa mula sa likod, gamit ang itim na ilaw sa liwanag ng disenyo at kulay ng mga puppet.
7. Papet-Tali o String Puppets ay mga papet na gawa sa kahoy, goma, bakal, payberglas o ibat - ibang materyal. Manipulasyon ay sa pamamagitan ng mga string o tali. Ang gumagalaw nito ay ang mga ulo, braso, kamay at paa.

8. Papet-Daliri o Finger Puppet ay mga papet na gawa sa makapal na karton o papel at tela na idinidikit o isinusuot na kasya sa daliri.



# *Isagawa*

Maging masinop at gawin mo ang sumusunod na gawain. Gamitin ang batayan o rubric na nakasulat sa likuran ng pahina.

1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan: Paper Bag na hindi na ginagamit, mga lumang butones, pandikit, gunting, krayola at iba pang kagamitang pang-sining.

2. Tupiin ang kabilang dulo ng paper bag upang makabuo ng bibig.

3. Idikit ang mga butones o ibang kasangkapan na maaring mata o bibig ng papet para mabuo ang ulong bahagi kagaya ng mata at ilong.

4. Ipakita ang gusto mong maging ekpresyon sa iyong papet. Maaring masaya, nasorpresa o natakot.


5. Lagyan o dikitan ng mga recyclable na materyal upang maging kaaya-aya at natatangi ang iyong papet.

6. Ipakita sa iyong guro ang nagawa mong papet.



*PAALALA*
*Mag- ingat sa pag-gamit ng matutulis na bagay tulad ng gunting.*

*GINTONG ARAL*
*Sa pamamagitan ng pagreresiklo ng mga patapong bagay, ikaw ay makakatulong sa pagpapalinis at pangangalaga sa ating kapaligiran.*



Panuto: Lagyan mo ng tsek **(/)** ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. Oo kung iyong ginawa at Hindi kung di mo naman naisagawa ang nasabing gawain.

| Mga Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nasunod nang maayos ang mga panuto. | | |
| 2. Nagawa nang mahusay ang nasabing sining. | | |
| 3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan. | | |
| 4. Natapos nang maaga ang nagawang sining. | | |
| 5. Napahalagahan mo ang nagawang sining at naipakita sa buong pamilya sa bahay. | | |
| 6. Nasiyahan sa nagawang sining na nagpapaunlad ng tiwala sa sarili. | | |
| 7. Naipamalas nang mabuti ang pagkamalikhain. | | |
| 8. Naipakita ang sariling kakayahan sa pagbuo ng sining. | | |
| 9. Naipakita sa iyong guro ang nagawng sining. | | |
| 10. Nabigyan na marka ang nagawang sining. | | |

# Tayahin

Pagpipili. Piliin ang tamang sagot sa bawat pahayag. Isulat ang napiling sagot sa hiwalay na papel.

1. Ito ay ang pagpapalabas ng mga pangyayari gamit ang mga papet sa palabas.
   a. Nagpapapet o Puppeteers
   b. Papetre o puppetry
   c. Teatro Mulat
   d. Papet Anino
2. Ang Papet ay maaring gawa sa balat ng kahoy o recyclable materials.
   a. Papet - Kamay
   b. Papet- Anino
   c. Liping Papet
   d. Papet - Tali
3. Ang paggamit ng mga papet ay isang epektibong paraan dahil ito ay _______________.
   a. kathang-isip lamang.
   b. isang obra ng Pilipinas.
   c. epektibong kagamitan sa pagpapaliwanag.
   d. sumisimbolo ng nakaraan.
4. Isang papet na gawa sa foam, lubid, tela, pekeng balahibo, peluka at palaman.
   a. Liping Papet o Rod puppet
   b. Papet Kamay o Hand puppet
   c. Teatro Itim o Black Theater
   d. Papet Anino o Shadow puppet
5. Puppet na gawa sa kahoy, goma, bakal, fiber glass o ibat - ibang materyal. Minamanipula sa pamamagitan ng mga string o tali.
   a. Liping Papet o Rod puppet
   b. Papet Kamay o Hand puppet
   c. Papet-Tali o String
   d. Papet Anino

Panuto: Lagyan mo ng tsek **(/)** ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. Oo kung iyong ginawa at Hindi kung di mo naman naisagawa ang nasabing gawain.

| Mga Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nasagot ang lahat ng pahayag. | | |
| 2. Nabasa ang mga pahayag nang mahusay ang unang bahagi ng Alamin. | | |
| 3. Nailigpit ng maayos ang lahat na ginamit na kagamitan pagkatapos saguting ang mga pahayag. | | |
| 4. Natapos ng maaga ang pagsagot ng pahayag. | | |
| 5. Nawasto ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto mula sa pahina 25. | | |
| 6. Nasiyahan sa nakuhang marka. | | |
| 7. Natuto ng bagong kaalaman tungkol sa pagpapapet. | | |
| 8. Naipakita ang sariling kakayahan sa nakuhang marka o score. | | |
| 9. Naipakita ng iyong magulang sa iyong guro ang nakuhang marka o score. | | |
| 10. Naitala ang iyong marka o score ang iyong guro. | | |

## Karagdagang Gawain

Basahin ang sumusunod at isagawa ang mga ito.

1. Maghanap ka ng mga larawan ng mga papet at gupitin ito.
2. Isulat kung anong istayl ng papet ito.
3. Idikit mo ang mga larawan sa malinis na puting papel o bond paper.
4. Ipakita mo sa iyong guro ang iyong ginawa.

Panuto: Lagyan mo ng tsek **(/)** ang sumusunod na batayan sa iyong ginawang sining. Oo kung iyong ginawa at Hindi kung di mo naman naisagawa ang nasabing gawain.

| Mga Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nasunod nang maayos ang mga panuto. | | |
| 2. Nagawa nang mahusay ang nasabing sining. | | |
| 3. Nailigpit nang maayos ang lahat na ginamit na kagamitan. | | |
| 4. Natapos nang maaga ang nagawang sining. | | |
| 5. Napahalagahan mo ang nagawang sining at naipakita sa buong pamilya sa bahay. | | |
| 6. Nasiyahan sa nagawang sining na nagpapaunlad ng tiwala sa sarili. | | |
| 7. Naipamalas nang mabuit ang pagkamalikhain. | | |
| 8. Naipakita ang sariling kakayahan sa pagbuo ng sining. | | |
| 9. Naipakita sa iyong guro ang nagawng sining. | | |
| 10. Nabigyan na marka ang nagawang sining. | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. A
2. B
3. A
4. D

**Suriin**

1. Papet Anino
2. Teatro - Itim
3. Papet - Kamay
4. Liping Papet
5. Papet – Tali
6. Papet - Tungkod

**Tayahin**

1. B
2. B
3. A
4. C
5. C

# Sanggunian

K-12 Curriculum Grade 3 Learning Material - MAPEH in Action
Sinugbuhanon Bisaya

Children's Entertainment, Puppet Shows, Puppetry In The Philippines, Puppetry Ph
Roppets Puppet Production
https://www.roppets.com/blog/history-of-puppetry-in-the-philippines/

Asean Puppetry Association
https://www.aseanpuppetry.org/country-members/philippines/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph